# Support Station for JSL Students

Ang Yokosuka City Japanese Language Support Station ay nagbibigay ng iba’t ibang suporta sa mga mag-aaral na may koneksyon sa ibang bansa na naka-enroll sa paaralan, at sa kanilang mga magulang/guardian.

★Entrance ng Support Station




★School Guidance





★Pagsusulit sa pagtatasa ng wikang Hapon




★Intensive na pagututuro ng wikang Hapon

Address　238-0004　18 Ogawacho, Yokosuka City

Telephone　046-824-7579　Weekdays (Lunes - Biyernes, hindi kasama ang holidays) 9:00-12:00, 13:00-17:00

Support Education Division, School Education Department, Yokosuka City Board of Education

☟Introduction Video

タガログ語／Tagalog

## Guidance at sistema ng suporta

Guidance at suporta mula sa international education coordinators, station managers and Japanese instructors

### Iba't ibang guidance (Aplikante: Mga mag-aaral /magulang/guardian na naghahangad ng suporta

（1）Preschool Guidance 【Pebrero - Marso ng bawat taon】・School Guidance 【kapag lumipat sa paaralan ng lungsod】

① Guidance sa sistema ng paaralan sa Japan

② Pagpapaliwanag ng pagtuturo ng wikang Hapon, suporta para maka-adjust sa school life, at (bago) initial intensive na pagtuturo ng wikang Hapon

③ Pagpapakilala ng mapagkukunan ng suporta para sa mga dayuhan

④ Pagpapatupad ng assessment ng estado ng kasanayan sa wikang Hapon

（2）Career Guidance 【tuwing Hulyo】

① Pagpapaliwanag ng entrance examination system ng Japan (Kanagawa Prefecture)

### Initial intensive na pagtuturo ng wikang Hapon (Aplikante: Mga mag-aaral na nangangailangan ng intensive na pagtuturo)

① Nagbibigay kami ng intensive na pagtuturo ng wikang Hapon at karanasan sa school life upang ang mga mag-aaral na kakabalik/kakarating lamang sa Japan ay maka-adjust sa mga paaralan . Bilang kundisyon para makakuha ng suportang ito , ang mga mag-aaral sa elementary ay kailangang samahan ng magulang/guardian

(Ang flow ng mga dapat gawin hanggang sa intensive na pagtuturo ng wikang Hapon ay nakalarawan sa likod.)

・Oras ng pagpapatupad: 9:15-11:30 (pagkatapos ng oras ng klase, ay maaaring pumasok sa paaralan)

・Panahon ng pagpapatupad: 2 oras sa isang araw × 10 araw

(Aabisuhan ang paaralan at mga magulang/guardian sa pamamagitan ng "Notice ng permiso na mag-attend ng klase)

・Nilalaman ng guidance: survival Japanese, basic Japanese

### Konsultasyon na pang-edukasyon: (Aplikante: Mga mag-aaral/magulang/guardian na naghahangad ng konsultasyon)

（1）Konsultasyon tulad ng tungkol sa school life, attendance at advancement (English o Spanish)

（2）Konsultasyon sa pamamagitan ng telepono o personal [Weekdays(Lunes - Biyernes, hindi kasama ang holidays) 9:00 - 12:00 at 13:00 – 17:00]

（3）Aplikante: Mga magulang/guardian ng mga mag-aaral sa elementary at junior high school na naka-enroll sa mga

municipal school sa Yokosuka na may koneksyon sa ibang bansa

Magpapadala ng interpreter para sa mga konsultasyon sa mga wika maliban sa English at Spanish, kaya mangyaring makipag-appointment sa pamamagitan ng telepono.

## ◎Pagtuturo ng wikang Hapon・Suporta

Step 1  Sa Board of Education Support Education Divison, bawat administrative center, paaralan

○Isasagawa ng mga mag-aaral/magulang/guardian na may koneksyon sa ibang bansa ang mga pamamaraan sa paglipat ng paaralan.  Pupunta sa paaralan.
→Tatanggap ng impormasyon tungkol sa Japanese language support station (School Guidance). Tatanggap ng leaflet.

Step 2  Japanese language support station

○Tatanggap ng guidance tungkol sa pag-aaral (Mangyaring magpareserba sa pamamagitan ng telepono nang maaga)

・Sistema ng paaralan sa Japan, pagtuturo ng wikang Hapon  (Kumpirmasyon ng hangaring magpaturo ng wikang Hapon)

・Pagpapakilala ng mga mapagkukunan ng suporta para sa mga dayuhan (International Association: tulad ng klase sa wikang Hapon)

・Suporta sa paghahanda ng mga dokumento para sa paaralan (isinasagawa sa iba't ibang wika)

Naghahangad magpaturo ng wikang Hapon

Hindi naghahangad magpaturo ng wikang Hapon (hindi kailangan)

Magpa-assess ng estado ng kasanayan sa wikang Hapon

Mga mag-aaral na target ng intensive na pagtuturo ng wikang Hapon

Mga mag-aaral na hindi target (hindi naghahangad ng suportang ito

Step 3  Japanese language support station

Umpisa ng intensive na pagtuturo ng wikang Hapon

・2 oras isang araw × 10 araw


Step 3  Paaralan

Tatanggap ng instruction mula sa Japanese language instructor sa paaralan.
Tatanggap ng suporta mula sa school life adjustment support staff

※*Pagkatapos makumpleto ang intensive na pagtuturo ng wikang Hapon, ay magpapadala sa paaralan ng instructor at support kung kinakailangan.

# Paano makararating sa Japanese language support station

Map




Google Maps

**〇10 minutong lakad mula sa east exit ng Yokosuka Chuo Station!**

①Pagkalabas sa east exit ng Chuo Station, bumaba ng hagdan sa gawing kanan sa harap at dumiretso. (700m pa)





② Sa pangatlong traffic light (pag nakita ang police station) lumiko sa kaliwa at dumiretso (170 m pa)



